Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-29 NG HULYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 172-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN AT KAPAHINTULUTAN SA PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPASOK AT MAKALAGDA SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS AT NG DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS, SA PANGUNGUNA NINA INH. HENRY C. ALCANTARA - 1ST DISTRICT ENGINEER, INH. ROSELLER A. TOLENTINO - REGIONAL DIRECTOR AT IGG. MARK VILLAR - KALIHIM NG DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS, PARA SA PAGPAPATAYO/PAGLALAGAY NG ISOLATION/QUARANTINE FACILITY SA MALOLOS SPORTS AND CONVENTION CENTER (MSCC).

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA,
KGG. FRANCSICO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE,
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO,
KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, ipinahayag ng World Health Organization na ang CORONA VIRUS DISEASE 2019 (COVID-19) ay isang Pandemya dahil sa mabilis at mataas na pagkalat nito at pagdami sa buong mundo;

SAPAGKAT, noong ika-16 ng Marso, 2020 idineklara sa pamamagitan ng Presidential Proclamation No. 922 na ang buong bansa ay nasa ilalim ng State of Public Health Emergency dahil sa Corona Virus Disease 2019 (COVID-19);

SAPAGKAT, itinakda sa pamamagitan ng Presidential Proclamation No. 929 s. 2020 na ang buong bansa ay nasa ilalim ng State of Calamity;

SAPAGKAT, sa mga alituntunin na inilabas ng Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF) na marapat na magkaroon ng isolation facility ang mga lokal na pamahalaan upang maihiwalay sa komunidad ang mga taong ***probable at suspected COVID-19 infected;***

SAPAGKAT, may liham mula sa Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian, na humihiling na mapahintulutan na makalagda at makapasok sa isang Kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod at ng Department of Public Works and Highways para sa pagsasaayos ng Malolos Sports and Convention Center bilang isang LIGTAS COVID CENTER gayundin ang paglalagay ng pasilidad (Isolation Facility) sa Government Center ng Lungsod;

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, batay sa itinatadhana ng Seksyon 22 ng kaparehong batas, na ang pamahalaang lokal ay maaaring pumasok sa isang kasunduan sa pamamagitan ng punong ehekutibo sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng Sangguniang Panlungsod ukol dito

DAHIL DITO, sa kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na binigyang kapangyarihan Ang Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian na makapasok at makalagda sa isang Kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos at ng Department of Public Works and Highways, sa pangunguna nina Inh. Henry C. Alcantara - 1st District Engineer, Inh. Roseller A. Tolentino - Regional Director At Igg. Mark Villar - Kalihim ng Department of Public Works and Highways, para sa pagpapatayo/paglalagay ng Isolation/Quarantine Facility sa Malolos Sports and Convention Center (MSCC).

IPINASIYA PA DIN, na ang nasabing ISOLATION/QUARANTINE FACILITY ay ekslusibo para sa mga mamamayan ng Lungsod ng Malolos, batay sa polisiyang inilatag ng IATF, DILG at DOH.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

*KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

*KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*07292020